PAGSUSURI: ATOY M. NAVARRO AT FLORDELIZA LAGBAO-BOLANTE, PAT.

# MGA BABASAHIN SA AGHAM PANLIPUNANG PILIPINO: SIKOLOHIYANG PILIPINO, PILIPINOLOHIYA, AT PANTAYONG PANANAW

ni Leonardo D. de Castro

Para sa isang aklat na nalathala noon pang 2007, baka huli na ang pagrerepaso na ito. Marami nang bagong kaganapan na lumipas sa mga larangan na pinapaksa. Marami na rin sigurong nakabasa ng mga artikulong nakapaloob dito at nagkaroon na ng kaniya-kaniyang pag-unawa at opinyon tungkol sa mga nilalaman. Sa kabila nito, mayroong maaaring maiambag ang isang pagsusuri na hindi gaanong nakalubog sa mga naganap na debate tulad nang sinisikap dito. Maipapalagay na ang ganitong perspektibo ay may kakayahang umintindi nang minimal ang pagkiling sa mga prominenteng kaisipan o sa mga maaaring katunggali nito.

Ayon sa pabalat nito, layunin ng aklat na "magbigay ng mabisang pambungad sa tatlong mahahalagang kaisipan at kilusan para sa Agham Panlipunang Pilipino." Kaugnay nito, sinasabi sa pambungad na tinutugunan ng aklat ang kakulangan ng kalipunan ng mga babasahin na nag-uugnay sa Sikolohiyang Pilipino, Pilipinohiya, at Pantayong Pananaw. Kahit may iba nang naunang pagtatangka na pag-uugnayin ang tatlong larangan at kaisipan na tinatalakay, sa aklat na ito inilalathalang muli ang mga orihinal na pangunahing artikulo ng mga kinikilalang tagapagtaguyod. Masusuri ang mga artikulong ito para sa sariling pagpapakahulugan na ibinibigay ng mga may akda.

Mapapansing sa dakong huli lamang iniaalok ang tangkang pag-uugnay sa pamamagitan ng artikulo nina Aquino at Mendoza. Ang kaayusang ito ay kakikitahan ng pagpapakumbaba sa bahagi ng mga tagapatnugot at ng mga sumulat ng mga artikulong pag-ugnay. Maaari nating maikumpara ang epekto nito sa puwedeng kinahantungan kung ang pag-uugnay ay inilagay sa gawing unahan ng aklat, bilang introduksiyon na mababasa bago pa ang mga orihinal na kontribusyon ng mga pangunahing tagapagtaguyod ng Sikolohiyang Pilipino, Pilipinohiya, at Pantayong Pananaw. Sa totoo lang, di makapagtataka kung sa dakong unahan aasahang makita ng mambabasa ang pag-uugnay na ito, lalo na kung hinahanap ang katwiran para sa pagkakapili at pagkakadugtong-dugtong ng mga artikulo, pati na ang pagbibigay-saysay sa mga ito.

Kakikitahan din ang kaayusang ito ng paggalang sa mga itinuturing na tagapagtaguyod ng mga kaisipan at larangang tinatalakay. Kung baga, nabibigyan sila ng buong pagkakataon para maglatag ng kaisipan na hindi gumagamit ng salamin ng iba. Ang mambabasa naman ay nagkakaroon ng pagkakataon na umintindi gamit lamang ang kanilang sariling interpretasyon, kung sakali. Gayumpaman, may kahalagahan ang pag-uugnay na hindi matatawaran. Ang pag-uugnay na ibinibigay ng mga panghuling artikulo ang naglalagay ng mga sinusuring kaisipan sa tamang konteksto. Sa isang banda, ang Sikolohiyang Pilipino, Pilipinohiya, at Pantayong Pananaw ay mga bahagi ng isang palaisipan na maaaring pagkabit-kabitin para masilayan ang higit na malawak na hugis ng kaisipang Pilipino.

Sa koleksiyon ng mga pangunahing artikulo na nakapaloob sa unang tatlong bahagi ng aklat makikita ang unang katangian nito. Ang pagkakapili sa mga partikular na artikulo ay nagpapakita ng sensitibong

kaalaman hindi lamang tungkol sa nilalaman at kahalagahan ng mga ito kundi pati ng lugar ng mga ito sa kasaysayan ng agham panlipunang Pilipino. Ang resulta ay mabisang pambungad para sa iskolar na gustong pumasok sa pananaliksik.

Malaking kontribusyon din sa kabuuan ng aklat ang pagbabalangkas na inaambag ng dalawang artikulo sa huling bahagi ng aklat. Esensiyal ang mga ito para sa paglalatag ng pambungad na nag-aalok ng isang kabuuan sa pamamagitan ng pagkakaugnay ng mga konsepto at paglilinang ng mga ito sa kasaysayan ng diskursong teoretikal.

Sa kabila ng kahalagahan ng aklat na ito, may ilang katanungan na maihihingi ng kasagutan—hindi bilang kritisismo at hindi rin bilang pagpuna ng kakulangan kundi bilang imbitasyon sa higit pang malalim na pag-aaral tungkol sa paksa. Halimbawa, interesanteng malaman kung alin sa mga konseptong Pilipino na tinatalakay dito ang masasabing tunay na nagbubukod o nagtatangi sa Pilipino? Isang temang dumadaloy sa halos kabuuan ng aklat ang pagtutukoy ng katutubong konsepto na maaaring magsilbing batayan para sa pag-unawa ng Sikolohiyang Pilipino. Maipapalagay na ang tinutukoy dito ay konsepto na natatangi at dahil dito ay nagbubukod sa Sikolohiyang Pilipino o (sa isang interpretasyon) maituturing pa nga na bahagi ng esensiya nito. Ayon kay Mendoza, si Enriquez ay nagsuri ng mga konseptong Pilipino na "uniquely shared social attributes arising out of Filipinos' shared collective experiences as a people …." (Navarro at Lagbao-Bolante 243) Papaano naiiba ang mga konseptong ito sa maituturing na mga kanluraning konsepto o sa mga ibang silanganing konsepto? Sa Pilipino nga lang ba ito matatagpuan o pati rin sa ibang silanganing konteksto? At habang lumalayo sa Pilipinas ang saklaw ng paninirahan ng mga Pilipino, ano ang nagiging epekto sa kairalan ng Sikolohiyang Pilipino? (Ang tinutukoy dito ay hindi lamang ang akademikong pag-aaral kundi ang kamalayan ng mga Pilipinong manggagawa o imigrante na napapadpad sa iba'tibang lugar.) Kung oo, papaano ito nababago o naiaangkop sa kanilang kinapapaloobang lipunan o sitwasyon?

Maitatanong din kung papaano maaaring unawain ang mga kritiko at kritisismo. Hindi maitatanggi na ang mga Pilipinong kritiko ng Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw ay bahagi rin ng maituturing na malawak na kapilipinuhan. Halimbawa, ang mga kritiko ay maaaring may kanluranin o banyagang pananaw sa sikolohiya o sa kasaysayan subalit mabibilang din sa mga tumataguyod sa pag-unawa at pag-aaral ng sikolohiya o kasaysayan sa Pilipinas. Paano maisasagawa ang paghahambing sa mga larangang ito? Hindi ba lehitimong bahagi ng kapilipinuhan ang mga iskolar na ito at ang kanilang ginagawang pag-aaral? Sa daigdig ng globalisasyon, importanteng bahagi ng pag-unawa ng Pilipino sa kaniyang sarili ang pag-unawa sa kaniyang kapaligiran at sa naiiba sa kaniya.

Kaugnay nito, maaaring itanong kung papaano maisasagawa ang paghahambing ng mga konseptong Pilipino sa mga konseptong kanluranin o ibang konseptong silanganin? Totoong kinailangang iwanan o pansamantalang iwaksi ito upang ganap na matukoy mula sa angkop na perspektibong Pilipino ang pagkapilipino. Gayumpaman, hindi puwedeng ganap na mabukod ang ganitong kaalaman o pag-aaral sa kabuuan ng akademikong daigdig. Sa patuloy na globalisasyon ng pamumuhay at pag-aaral, ang kapilipinuhan ay lumulutang sa napakalawak na karagatan ng iba't ibang kultura na di-maitatangging konteksto nito. Gustuhin man natin o hindi, ang Pilipino ay hindi maaaring ganap na mabukod sa kabuuan ng daigdig. Ang pag-aaral ng kapilipinuhan ay sa malawak na karagatang ito nagaganap at patuloy na magaganap.